# ANG MANIPESTO KOMUNISTA NG 1848

(Sinulat ni KARL MARX at FRIEDRICH ENGELS)

(Karugtong ng labas ng nakaraan buwan.)

Bawat hakbang sa pagkakasulong ng mga burges ay maykatugong pagkakasulong ito sa pulitika. Isang uring api na napapailaliman ng kapangyarihan ng mga maginoong piyudal, isang sandatahan at malayang lipunan sa loob ng samahan ng Edad Media. (medieval commune), na sa Italya at Alemanya ay nakikilala sa tawag na republikang pangsiyudad (urban republic), sa Pransya naman ay sa tawag na pangatlong uring mangbubuwis (taxable third estate); at pagkatapos, ng umiral naman ang panahon ng mga gawaang pabrika, simula ng mapatatag ang mga bagong industria modern industry) at pamilihang pang-daigdig (world market), ang mga burges ay nakapagtamo ng sariling kapangyarihan sa mga bagong bansa na ang pamamahala ay nasa sa kamay ng mga kinatawan (modern representative State). Ang mga kapangyarihang nabanggit ay nalupig ng mga burges matapos na sila ay gamiting sagkang laban sa lakas ng mga maginoo ng mga bansang makapiyudal (semi-feudal) o ng mga kahariang di matututulan (absolute monarchies); at sa katunayan, sila ang naging batong tuntungan ng mga dakila at laganap na mga kaharian. Ang panguluhan ng bagong bansa ay isang lupon lamang na tagapamahala ng mga kapakanan nang lipunang burges.

Sa kasaysayan, ang lipunang burges ay nakaganap ng isang tungkuling lubhang napakamapanghimagsik.

Ang lipunang burges, sa tuwing makapangingibabaw, ay nabibigyang hangga ang lahat ng uri ng pagsasamahan na piyudal, panglipi at pang magandang asal. Kanyang walang habag na naisagawa ang pagkakalas sa iba't ibang uri ng pagpapalagayan na ikinatatali ng tao sa kanyang "likas na panginoon" (natural superiors), at walang itinirang bigkis ng tao sa kanyang kapuwa maliban sa hubad na pagmamahal sa sariling kapakanan, sa magaspang na "pagbabayaran ng kaliwaan" (callous "cash payment"). Naisagawa niyang lunurin sa malamig na tubig ng pag-ibig sa sariling kapakanan ang lalong mataas na kaligayahang likha ng pagkagiliw sa pananampalataya, pagkakawang-gawa, o nang pagmamahal sa mga imbing mga damdamin. Nabigyan niya ng halaga ang tao ng kahalagahan sa pagpapalitan (exchange value), at sa lugal ng di mabiling isang hubad, walang pitagan, twiran at natititik, ay naitatag iyang nag-iisa at walang damdaming kalayaan—ang Malayang Pangangalakal (Free Trade). Sa isang salita, sa lugal ng isang pagsasamantalang napipiringan ng pagkabulag sa pananampalataya ay naipalit ang isang hubad, walang pitagan, twiran at walang habag na pagsasamantala.

Ang kalipunang burges ay nagawang hubaran ng pagpipitagan ang lahat ng hanap-buhay na sa pasimula pa ay dinadakila at iginagalang. Nagawa niyang maging manggagawang upahan ang manggagamot, manananggol, ang pari, ang makata at ang taong paham (man of science).

Ang kalipunang burges ay naihiwalay sa magkakasambahay ang paglilingapan, at nakuhang mapalitan ang pagtitinginan ng magkakamag-anak ng isang pagpapalagayang nababatay sa salapi lamang.

Naipakilala ng kalipunang burges kung papaano nangyari na ang walang awang paggamit ng lakas ng Edad Media, na tutoong kinalugdan ng may mga makalumang isipan, ay nagbunga ng isang walang kawangis na katamaran. Siya ang unaunang nakapagpakilala kung ano ang ibinubunga ng pagsisikap ng tao. Siya ay nakagawa ng mga himalang higit sa mga Pirámide ng matandang Ehipto, sa mga patubig ng mga Romano, at mga sambahang gotika; siya ay nakagawa ng mga paglalakbay higit na di hamak sa mga unang pag-lilipat bayan ng mga tao o nang pakikipaglaban dahil sa Mahal na Kruz (crusades).

Ang kalipunang burges ay hindi maaaring mabuhay na di laging babaguhin ang mga kasangkapan ng produksyon, at sa gayo'y ang mga kaugnay ng produksyon at ang buong pagsasamahan ng mga tao. Ang pagpapanatili ng paggamit sa matatandang paraan ng paglikha ng mga kagamitan sa kabilang dako ay, siyang pangunahing batayan ng kabuhayan ng mga naunang uri ng mga industria. Ang laging pagpapahusay sa mga paraan ng paglikha ng mga kagamitan, ang walang patid na kagambalaan sa pagpapalagayan ng mga tao, at ang palagiang di pagkatiyak at kaligaligan sa pamumuhay ay naggawad sa panahon ng mga burges ng kaibahan kay sa mga sinundang panahon. Ang lahat na datihan at inaamag na pag-uugali at ang kanilang kaakibat na matatanda at pinagpipitagang mga pamahiin at kurokuro ay nangawala; ang tanang mga bagong kilos ay nagiging lipas na di nakuhang magtining. Ang ano mang matigas ay natunaw sa himpapawid, ang bawat banal na bagay ay nilapastangan, at ang tao, sa huli, ay napilitang harapin ng buong timpi ang kanyang tunay na kalagayan at pakikisama niya sa kanyang kapuwa.

Ang pangangailangan ng laging palaking pamilihan para sa kanyang mga nagagawa ay siyang nagtaboy sa lipunang burges sa lahat ng panig ng sangdaigdig. Siya'y kailangang lumimlim sa lahat ng dako, manatili sa lahat ng dako, at makipagpaniigan sa lahat ng dako.

Ang lipunang burges, sa kanyang pagsasamantala sa pamilihan ng sangdaigdig, ay nabigyan ang paglikha at paggamit ng mga kailangan sa buhay (production and consumption) sa lahat ng bansa ng isang uring pangkalahatan. Sa buong pagkahiya ng may mga hilig sa mga lumang ugali, ay kanyang nakuha sa paanan ng industria ang mga pangbansang simulaing pinagbabatayan nito. Ang mga datihang natatatag na mga industria ay kanyang sinira o pinagsusumakitang sirain araw-araw. Ito ay hinahalinhan ng mga bagong industria, na ang pakikilahok nito ay nagiging buhay at kamatayan sa tanang bansang bihasa, mga industriang hindi na gumagamit ng mga katutubong sangkap, nguni't yaong mga kagamitang nanggagaling sa lalong malalayong panig; mga industria na ang mga nayayari ay hindi lamang ginagamit sa lugal na kanilang kinaroroonan, kungdi sa buong panig ng sangkatauhan. Sa lugal ng mga datihang pangangailangan, na nasasapatan ng mga pagawaan ng isang bayan, ay ating nasaksihan ang mga bagong pangangailangan na, upang maging kasiya-siya, ay dapat masangkapan ng mga bagay na yari sa malalayong lupalop. Sa lugal ng matatanda at katutubong pagsasarili at pamumuhay na magisa ng isang bansa, ay masasaksihan natin ang paglilipat-bayan sa bawa't panig, ang buong laganap na pagasa ng isang bayan sa kapuwa bayan. At kung papaano na ito ay totoo sa bungang-laman (material production), ay gayon din naman sa bungang-isipan (intelectual production). Ang mga bungang-isipan ng isang bansa ay naging pag-aari ng sangkatauhan. Ang makabansang pagkiling sa sarili at kakitirang isip ay unti-unting napaparam, at sa di mabilang na literatura o panitikan ng bawa't bansa ay sumipol ang panitikang pangdaigdig.

Ang kalipunang burges, dahil sa mabilis na pag-unlad ng mga kagamitan sa produksyon, dahil sa mga di maturang kaluwagan sa paglalakbay, ay napaglapit ang lahat, maging ang lalong mailap na mga taong gubat, sa kabihasnan. Ang kamurahan ng mga halaga ng kanyang bilihin ay siyang mabisang sangkap na kanyang ginagamit sa pagtibag ng matibay na muog ng Tsina at nakapagpalubag sa lalong napakatinding pagkagalit sa mga dayuhan ng mga taong di bi-

# JOSÈ STALIN...

(*Karugtong ng pahina* 15)

maiinit na dugo na ang gusto ay mga lantaráng pamamahayág, pagkakalat ng mga babasahing labag sa batas hinggil sa mga pangkasalukuyang suliranin, at si Stalin ay siyáng nagwagi pagkatapos ñg isáng halalan. Ng 1900 hanggang 1902, si Stalin ay pinamatnugutan ang ilang aklasan sa Tiflis, at isáng unang araw ng Mayo ay pinañguluhan ang isang kagulat-gulat na pamamahayag ng mga anak-pawis. Pagkatapos ng pamahayag na ito, ang tanggapan ng partido ay sinalakay ng mga pulis, ang kanyang tirahan ay hinalughog. Buhat noon si Stalin ay nagpalipat-lipat ng tirahan at lagi ng nagpapalit ng pañgalan. Siya ay nakilala sa mga pangalang David, Koba, Nisheradze, Chsshekoff, at Ivanovitch, nguni't ang pañgalan na namalagi ng huli ay Stalin, na ang kahulugan ay "patalim," at dahil sa kanyang ugali at kasalukuyang kalagayan ay bagay-bagay o angkop sa kanya.

Sumunod, si Stalin ay naging upahang ahitador ng partido, at kapagdaka ay pinalipat siya ng Baku. Pinamatnugutan niya dito ang mga welga ng mga manggagawa sa lañgis, at isang malaking pamamhayag ng Pebrero ng 1902. Siya ay dinakip ng Marso at piniit hanggang sa katapusan ng taon, para itapon naman siya sa silanganan ng Siberia. Sa loob ng isang buwan ay nakatakas siya sa Siberya at bumalik na muli ng Tiflis.

Ng siya ay napipiit sa Baku, dumating sa kaalaman ni Stalin ang pagkakahati ng partido sa dalawang pangkat, ang Bolsheviki at ang Mensheviki, at buhat noon si Stalin ay naging taga-tangkilik ni Lenin. Ng siya ay makatakas, kanyang isinaayos ang partido sa boong Caucasus na tagatangkilik ni Lenin. Kanyang inilathala ang mga pahayagang Bolsheviki na labag sa Batas, na may mga pangalan ng 'Ang Pakikilaban ñg Mga Anak-pawis" at ang "Manggagawa ng Baku", at sumulat din siya ng maraming mga babasahin. Ng 1905 siya ay dumalo sa pagtitipon ñg partido sa Finlandia, at ng 1906 ay pinamatnugutan niya ang pahayagang "Panahon." Ng taon ding ito ay dumalo siya sa kongreso sa Stockholm at isa pa sa Londres. Ng siya ay magbalik buhat sa Londres, ay muling tinipon niya ang mga manggagawa sa Baku.

Ng 1908 siya ay dinakip na muli, dahil sa kanyang pakikialam sa Lupon ng Baku ng himagsikan, at pagkatapos na mapiit ng ilang araw ay muling itinapon siya sa Irkutsk. Ng 1909, si Stalin ay nakuha na namang muling makatakas at bumalik na uli sa Baku. Ginawa, na naman niya ang pagtatatag ng mga samahang manggagawa sa bawa't pabrika ng lañgis sa nasabing siudad. Napakalakas ang kanyang loob, na kadalasan ay makikita siyang nakikipagusap sa mga manggagawa kahit sino ang mga kaharap, at dahil dito sa loob lamang ng isang taon ay muling napaharap siya sa isang sakdal na kinasuungan niya sa isang mahabang pagkakapiit at muling pagkatapon. Siya ay muling nakatakas at sa pamamagitan ng isang balatkayo ay tumungo ng St. Petersburg. Nguni't wala pang anim na buwan sa siudad na ito, dahil sa kanyang gawain sa Lupong Panggitna ng Pangkatin, siya ay muling dinakip ñg mga pulis ng Tsar doon na hindi siya nakikilala, at siya ay ipinatapong muli sa loob ng tatlong taon lamang, ñguni't siya ay muling nakatakas ng 1911.

Ipinalalagay na si Stalin, ay ganap na matalinong gumawa ng paraan o mapalad, sapagka't ang mga pulis ng Tsar ay pinaratangan lamang siya ng magagaang na sakdal; gaya baga ng mangulo ng isang pamahayag, mamatnugot sa isang pahayagan, mag-lider ñg isang welga, at iba pa. Kahi't na siya ay laging nasasangkot sa gulo, ang kanyang mga kaparusahan ay magagaang. Ng Abril 1912 siya ay muling dinakip at muling itinapon. Ng dumating na Septiembre, siya ay nakatakas muli hanggang sa dumating sa Cracow, Austria, at nakadalo pa sa isang pagtitipon ng pangkatin ni Lenin dito, at sa Lupong Pangitna sa mga manghihimagsik ng Rusya ay nahalal na isa sa mga kagawad ng mga panahong yaon, marami ay nasa ibang bansa at mapanatag na nagaaral. Hindi ganito ang naging buhay ni Stalin. Siya ay laging nasusuong sa mga mahihigpit na labanan. Inilaan niyang lagi ang kanyang buhay sa mga gawain ñg kanyáng pangkatin na labag sa batas. Ng 1913 siya ay nakilahok sa halalan para sa Ikaapat na Duma, at naging lider ng pangkat ng mga Bolsebiki, Siya rin ang namatnugot sa mga pahayagang ilegal na may pamagat na "Ang Tala" at "Ang Katotohanan." Ng 1913, siya ay muling hi-

---

hasa. Napilit niya ang lahat ng bansa, sa pasakit na paglipol, na tularan ang pamamaraang burges sa paglikha ng mga kagamitan; napilit niyang ipasok sa kanilang lipunan ang kanyang pinanganganlang kabihasnan, at ito nga ay ang maging burges din sila. Sa biglang sabi, ang kalipunang burges ay lumikha ng isang daigdig na huwad sa kaniyang larawan.

Nagawa ng kalipunang burges na ang mga nayon ay sumunod sa pangangasiwa ng mga siyudad. Siya ay nakapagtatag ng naglalakihang mga siyudad at nasikap niya na lumago ng higit ang mamamayang taga siyudad kaysa taga bukid, at sa gayo'y nailigtas ang maraming tao sa kabuhayan. Kung papaano naisagawa niya na ang mga nayon ay mabuhay sa tulong ng mga siyudad, gayon din ay nasunod niya na ang mga bayang walang kabihasnan o ang mayroong kaunting kabihasnan ay mabuhay doon sa mga bansang bihasa, gaya rin naman ng pag-asa ng mga uring magbubukid sa uring burges, at ng mga taga Silangan sa mga taga Kanluran.

Ang kalipunang burges ay unti-unting pinawi ang pagkakawatakwatak na katayuan ng mga mamamayan, ng mga paraan sa paglikha ng mga kagamitan (production), at nalikom ang pag-aari sa kamay ng iilan. Ang naging kinauwian nito ay ang pagkalagom sa kapangyarihan ng ilang mga tao. Ang malalayang lalawigan o iyong mabubuway ang pagtutulungan, na mayroong sariling kapakanan, batas, pamahalaan, at paraan ng pabuwisan ay napagsamasama sa ilalim ng isang bansa na may sariling pamahalaan, sariling batas, makauring damdamin, isang hanggahan at pabuwisan sa lunsuran (customs tariffs). (ITUTULOY)